ST PAULS MEDIA pastoral ministry
AMBUHAY
MISSALETTE
Celebrates the 500 Years of Christianity in the Philippines (1521-2021)

Taon 35 Blg. 07 Dakilang Kapistahan ng Pag-aakyat sa Langit ng Birheng Maria — Puti Agosto 15, 2021

Laging TAPAT SA Kanya

Nikki C. Frias

Halos isa't kalahating taon na tayong pinaghihiwalay sa isa't isa ng pandemya. Pinaghihiwalay tayo, o may *physical distancing*, para sa ikabubuti natin. Gayunman, habang tinutupad natin ito para sa kapakanan ng isa't isa, hindi maikakalilang may kaakibat na malalim na kalungkutan at kabigatan ang puwang na dulot ng paghihiwalay o kaya ng isang mabilisan at malabong pamamaalam.

Para sa ating dumaranas ng iba't ibang paghihiwalay at pamamaalam dulot ng pandemya, ano nga ba ang kahulugan ng kapistahan ng pag-akyat kay Maria sa langit?

Ginugunita at kinikilala ng Simbahan sa "Assumption of the Blessed Virgin Mary" ang pag-aakyat kay Maria sa langit. Na sa kanyang buhay na may katangi-tanging pagpapaubaya, pagtalima, at pagkilos ayon sa kalooban ng Diyos, si Maria'y iniakyat sa langit nang buong-buo, katawan at kaluluwa. Hindi hinayaan ng Diyos na maranasan ni Maria, bilang minamahal na ina ni Jesus, ang pagkasira ng katawan sa kanyang kamatayan. Sa halip na isang pagtatapos ng buhay, ipinagkaloob sa kanya ang isang maringal na pagpapatuloy ng buhay sa langit.

Isang misteryo kung paano naganap ang *Assumption*. Kinikilala ng simbahan ang limitasyon ng ating pagkatao, ng ating isipan, na lubusang maunawaan kung paano ito naganap. Kaya naman, dinala ako ng aking pagmumuni-muni at pagdarasal sa isang *Ignatian Contemplation*. Ang *Ignatian Contemplation* ay isang paraan ng pananalangin hango sa *Spiritual Exercises* ni San Ignacio de Loyola kung saan ginagamit natin ang ating imahinasyon upang mailagay ang ating sarili sa eksena ng ebanghelyo at mapakinggan kung paano mangungusap ang Diyos sa atin. Dito para bang kabilang tayo sa kuwento o 'di kaya'y sa pelikula kung saan maaari tayong tagapanood lamang o kaya naman kabilang at kausap mismo ni Hesus. Sa halip na isang eksena mula sa ebanghelyo, dinala ako sa eksena kung paano kaya naganap ang *Assumption*.

Nakukulayan ng banayad na liwanag ng dapithapon ang isang silid. Tila ba'y payapang natutulog lamang si Maria sa dulo ng kanyang buhay. Napakatahimik at nadama ko ang malalim na kalungkutan. Ilang sandali pa'y mayroong kumatok sa pinto at pumasok sa silid. Pumasok ang isang lalaki. Dahan-dahan siyang lumapit at naupo sa tabi ni Maria. Sinabi ng lalaki, "Ma, gising na po at uuwi na po tayo." Sa isang iglap, natauhan ako na si Hesus pala ang misteryosong bisita. Sa aking *contemplation* sa *Assumption*, sa dulo ng buhay ni Maria, sa kanyang kamatayan, sinundo siya ng kanyang pinakamamahal na anak upang makapiling siya nito.

Para sa ating nasa pagitan ng paghihintay, ng kalungkutan na dulot ng paghihiwalay at mapait na pamamaalam, ang *Assumption* ay isang silip sa pangako ni Hesus sa ating lahat na nagmamahal at tumatalima sa Kanya. Nakasisilip tayo sa pangako ng muling pagkabuhay. Sa pamamagitan ni Maria, mayroong ehemplo ang sangkatauhan sa pagpapatuloy ng buhay kung saan wala nang sakit, walang kahirapan, walang pandemiya, at walang paghihiwalay. Kay Maria, mayroon tayong malalapitang ina na magsasabi sa atin ng tunay na hantungan ng buhay-tao, na susunduin tayo ni Hesus at iuuwi sa piling niya.

Kaya naman ang pagdiriwang natin ngayon ay isang paanyayang mapagningas pa ang ating pag-asa at *mahawaan* din ang iba. Nawa'y matularan natin ang halimbawa ni Maria na dumanas din ng sari-saring paghihiwalay at paghihirap, ngunit ni minsan'y hindi tinalikdan ang Diyos na laging tapat sa kanya.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok (Pag 12:1)
(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Sa langit ay may lumitaw babaing damit ay araw, nakadambana sa buwan, bitui'y putong na taglay labindalawa ang sinag.

Pagbati
(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumainyo rin.

Paunang Salita
(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Ating ginugunita ngayon ang Dakilang Kapistahan ng Pag-aakyat sa Langit ng Mahal na Birheng Maria. Ipinahayag ni Papa Pio XII noong ika-1 ng Nobyembre 1950 ang katuruang iniakyat sa langit ang parehong kaluluwa at katawan ng ating Mahal na Ina. Ninais ng Diyos na maliban si Maria sa pagkakaagnas dulot ng kamatayan. Sa kasalukuyan, nakikiisa na sa kaluwalhatian ng kanyang Anak si Maria, na laging kaanib ni Hesus sa buhay, noon at ngayon.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B—Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(dadagok sa dibdib)* **sa isip, sa salita, sa gawa, at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong Diyos.**

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.
B—Panginoon, kaawaan mo kami.
P—Kristo, kaawaan mo kami.
B—Kristo, kaawaan mo kami.
P—Panginoon, kaawaan mo kami.
B—Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, ang kalinis-linisang mahal na Birheng Ina ng Anak mong mahal ay iyong iniakyat taglay ang kaluluwa at katawan sa kalangitan. Sa pagsasaloob namin ng mga bagay sa kaitaasan pagindapatin mong kami'y makasalo sa kaluwalhatian ng Birheng Inang aming mahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa
(Pag 11:19a, 12:1–6a, 10ab) *(Umupo)*

Itinanyag ng aklat ng Pahayag ang dakilaing pangitain tungkol sa isang babaing dinamitan ng araw, nakadambana sa buwan at may labindalawang talang nakaputong sa kanyang ulo. Inilalarawan ng pangitaing ito ang kaluwalhatian ni Maria sa langit.

Pagbasa mula sa aklat ng Pahayag

NABUKSAN ang templo ng Diyos sa langit, at nakita ang Kaban ng Tipan.

Kasunod nito'y lumitaw sa langit ang isa kagila-gilalas na tanda: isang babaing nararamtan ng araw at nakatuntong sa buwan; ang ulo niya'y may koronang binubuo ng labindalawang bituin. Malapit na siyang manganak kaya't napasigaw siya sa matinding sakit at hirap.

Isa pang tanda ang lumitaw sa langit: isang pulang dragon na napakalaki. Ito'y may pitong ulo at sampung sungay, at may korona ang bawat ulo. Sinaklot ng kanyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit at inihagis ang mga iyon sa lupa. Pagkatapos ay tumayo siya sa paanan ng babaing malapit nang manganak upang lamunin ang sanggol sa sandaling ito'y isilang. At ang babae ay nagsilang ng sanggol na lalaki, ngunit may umagaw sa bata at dinala ito sa Diyos, sa kanyang trono. Ang sanggol na ito ang itinakdang maghahari sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng kamay na bakal. Ang babae naman ay tumakas patungo sa ilang, sa isang dakong inihanda ng Diyos para sa kanya.

At narinig ko ang isang malakas na tinig na buhat sa langit na nagsasabi, "Dumating na ang pagliligtas ng Diyos! Ipinamalas na niya ang kanyang kapangyarihan bilang hari! Ipinamalas na ng Mesiyas ang kanyang karapatan!"
—Ang Salita ng Diyos.
B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 44)

T—Nasa kanan mo ang reyna, maningning sa ginto't ganda.



1. Samantalang sa kanan mo nakatayo yaong reyna,/ palamuti'y gintong lantay sa damit na suot niya **(T)**

2. O kabiyak nitong hari, ang payo ko'y ulinigin;/ ang lahat

mong kamag-anak at ang madla ay limutin. **(T)**

3. Sa taglay mong kagandahan ang hari ay paibigin;/ siya'y iyong Panginoon, marapat na iyong sundin. **(T)**

4. Sama-samang masasaya, ang lahat ay nagagalak/ na pumasok sa palasyo at sa hari ay humarap. **(T)**

Ikalawang Pagbasa
(1 Cor 15:20–27)

Sinasagisag ni Adan ang kamatayan dahil sa kasalanan samantalang kina-katawan naman ni Hesukristo, bilang ang huling Adan, ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagkabuhay muli.

Pagbasa mula sa unang sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

MGA kapatid, si Kristo'y muling binuhay bilang katibayan na muling bubuhayin ang mga patay. Kung paanong dumating ang kamatayan sa pamamgitan ng isang tao, gayun din naman, dumating din ang muling pagkabuhay sa pamamagitan ng isang tao. Sapagkat kung paanong mamamatay ang lahat dahil sa kanilang kaugnayan kay Adan, gayun din naman, mababuhay ang lahat dahil sa kanilang kaugnayan kay Kristo, ngunit bawat isa'y sa kanya-kanyang takdang panahon: si Kristo ang pinakauna sa lahat; pagkatapos, ang mga kay Kristo sa panahon ng pagparito niya. At darating ang wakas, pagkatapos malupig ni Kristo ang lahat ng kaharian, pamahalaan, at kapangyarihan; at ibibigay niya sa Diyos ang paghahari. Sapagkat si Kristo'y dapat maghari hanggang sa malupig niya at lubusang mapasuko ang kanyang mga kaaway. Ang kahuli-hulihang kaaway na kanyang pasusukuin ay ang kamatayan. Ganito ang sinasabi ng Kasulatan: " Ang lahat ng bagay ay lubusang pinasuko sa kanya ng Diyos."

—Ang Salita ng Diyos.
B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (*Tumayo*)

B—Aleluya! Aleluya! Mga Anghel ay masaya nang iakyat si Maria sa langit na maligaya. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Lc 1:39-56)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas.
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

SI MARIA'Y nagmamadaling pumunta sa isang bayan sa kaburulan ng Juda. Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Elisabet. Nang marinig ni Elisabet ang bati ni Maria, naggagalaw ang sanggol sa kanyang tiyan. Napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet, at buong galak na sinabi, "Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala rin ang dinadala mo sa iyong sinapupunan! Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon? Sapagkat pagkarinig ng iyong bati ay naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa iyong tiyan. Mapalad ka sapagkat nanalig kang matutupad ang ipinasasabi sa iyo ng Panginoon!"

At sinabi ni Maria, "Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon, at nagagalak ang aking Espiritu dahil sa Diyos na aking Tagapagligtas. Sapagkat nilingap niya ang kanyang abang alipin! At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi, dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan—Banal ang kanyang pangalan! Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya, sa lahat ng sali't saling lahi. Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig, pinangalat niya ang mga palalo ang isipan. Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono, at itinaas ang mga nasa abang kalagayan. Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom, at pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman. Tinulungan niya ang kanyang bayang Israel, bilang pagtupad sa pangako niya sa ating mga magulang, kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!"

Tumira si Maria kina Elisabet nang may tatlong buwan, at saka umuwi.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nalulu klok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Dumulog tayo sa Diyos Ama upang katulad ni Maria makabahagi din tayo sa kaluwalhatian ng kanyang Anak na si Hesus sa kanyang kaharian:

T—Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

L—Maihatid nawa ng Santo Papa, ng mga obispo, pari, at diyakono ang pag-asa dulot ng muling pagkabuhay ni Kristo sa daigdig na tigib ng pagkamuhi, digmaan, at pagkakawatak-watak. Manalangin tayo: **(T)**

L—Pumunta nawa ang ating mga pinuno at lingkod-bayan, tulad ni Maria, sa kaburulan ng pangangailangan upang makapagbigay-tulong sa mga kapatid nating nabiktima ng karahasan at nasalanta ng sakuna. Manalangin tayo: **(T)**

L—Isabuhay nawa ng lahat ng sumasampalataya ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin, pagninilay, at pagsimba sa banal na Eukaristiya. Manalangin tayo: **(T)**

L—Pagpalain nawa ng Panginoon silang gumawa ng mga dakilang

gawain para sa mga maysakit, inabuso, nagugutom, at naghihirap. Manalangin tayo: **(T)**

L—Makasapit nawa nang mga yumao naming mahal sa buhay sa kaluwalhatian ng Diyos sa langit kung saan iniakyat ang Birheng Maria. Manalangin tayo: **(T)**

L—Sa ilang sandali ng katahimikan itaas natin sa Diyos ang ating personal na kahilingan gayundin ang mga taong lubos na nangangailangan ng ating panalangin *(Tumahimik)*. Manalangin tayo: **(T)**

P—Ama namin sa langit, tanggapin mo ang aming kahilingan at pabanalin mo ang iyong Simbahang ngayo'y nagdiriwang sa pag-akyat sa langit ng Ina ng iyong Anak. Dulutan mong maghatid ng lubos na kagalakan ang kanyang pamamagitan para sa amin habang aming kinasasabikan ang pag-asa ng muling pagkabuhay, sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon.
B—Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

Paghahain ng Alay *(Tumayo)*

P—Manalangin kayo...
B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, ang paghahaing ito nawa'y makaakyat sa iyo at bilang katugunan sa pagdalangin ng Mahal na Birheng iniakyat sa langit ang aming kaloobang nag-aalab sa ningas ng pag-ibig ay lubos nawang pumailanlang sa iyo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

Prepasyo
Ang Maluwalhating Pag-aakyat kay Maria sa Langit

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.
P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
B—Itinaas na namin sa Panginoon.
P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
B—Marapat na siya ay pasalamatan.
P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ngayong iniakyat ang Mahal na Birhen sa langit, ang pasimula't larawan ng laan mong masapit ng tanging sambayanang sa iyo'y nananalig, may pag-asa't kasiyahan kaming sa iyo'y papalapit. Di mo pinabayaang dumanas ng pagkaagnas ang nagsilang at nag-aruga sa iyong bumubuhay na Anak noong siya'y maging di na iba sa aming lahat upang kami'y hatian sa kanyang buhay na ganap.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon Osana sa kaitaasan! (*Lumuhod*)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...
P—Hinihiling naming...
B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang
(*Lumuhod*)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon
(Lc 1:48–49)

Mapalad na tatawagin ng bawat lahing magiting pinagpalang ituturing akong nilingap, giniliw ng Poong Diyos na butihin.

Panalangin Pagkapakinabang
(*Tumayo*)

P—Ama naming mapagmahal, ngayong amin nang napagsaluhan ang banal na pakikinabang, ipagkaloob mong kami'y maluwalhating makarating sa pagkabuhay pakundangan sa pagdalangin ng mahal na Birheng Mariang iniakyat sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpaswalang hanggan.
B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik)*

Pagpalain nawa kayo ng Diyos na sa pagsilang ng Anak niya mula sa Mahal na Birhen ay naghatid sa daigdig ng katubusang walang hanggan.
B—Amen.

P—Pasiglahin nawa kayo sa malasakit ng Mahal na Birhen na siyang nagbigay sa inyo ng Tagapaghatid ng Buhay na walang hanggan.
B - Amen.

P—Puspusin nawa ng kagalakan ng Espiritu Santo ang mga nagdiriwang sa pagpaparangal sa Mahal na Birheng Maria upang sa ganitong diwa kayo ay sumapit sa kalangitan na siyang tahanan ng tanan magpasawalang hanggan.
B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.
B—Amen.

Pangwakas

P—Tapos na ang Misa. Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo.
B—Salamat sa Diyos.